


# Araling Panlipunan

**Ikatlong Markahan – Modyul 1  
Sariling Pamahalaan, Alamin at  
Pahalagahan Natin!**



## **Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**

### **Alternative Delivery Mode**

### **Ikatlong Markahan – Modyul 1: Sariling Pamahalaan, Alamin at Pahalagahan Natin! Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jason H. Hadap
<b>Editor:</b>	Jerry P. Ramirez at Ma. Leilani R. Lorico
<b>Tagasuri:</b>	Ana N. Calisura
<b>Tagaguhit:</b>	
<b>Tagalapat:</b>	Edsel D. Doctama, Elizalde L. Piol
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad
	Francisco B. Bulalacao Jr.
	Grace U. Rabelas
	Ma. Leilani R. Lorico
	Imelda R. Caunca
	Marites B. Tongco

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City, 4500 Philippines

Telefax: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

## **Ikatlong Markahan – Modyul 1**

### **Sariling Pamahalaan, Alamin at**

### **Pahalagahan Natin!**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Napag-aralan sa nakaraang markahan ang tungkol sa mga gawaing pangkabuhayan na may malaking naitulong sa pagkakilanlang Pilipino at likas-kayang pag-unlad ng bansa.

Sa ikatlong markahan, pag-aaralan natin ang tungkol sa pamahalaan ng bansa at ang mga gampanin nito upang matiyak ang kapakanan ng bawat mamamayan. Sa modyul na ito, matutunan ang kahulugan ng pamahalaan at ang kahalagahan nito sa mga Pilipino.

### **Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pang-unawa sa bahaging ginagampanan ng pamahalaan sa lipunan, mga pinuno at iba pang naglilingkod para sa pagkakaisa, kaayusan, kaunlaran at kapakanan ng bansa.

### **Pamantayang sa Pagganap**

Nakapagpapakita ang mag-aaral ng aktibong pakikilahok at pakikiisa sa mga proyekto at gawain ng pamahalaan at mga pinuno nito tungo sa kabutihan ng lahat.

### **Pamantayan sa Pagkatuto**

Gabay ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Natatalakay ang kahulugan at kahalagahan ng pamahalaan.

#### **(AP4PAB- IIIa-1)**

Anong uri ng pamamahalaan mayroon ang Pilipinas? Bakit mahalaga sa isang bansa ang magkakaroon ng sariling pamahalaan?

Malalaman ang mga kasagutan sa pag-aaral sa nakatakdang aralin at sa pagsagot ng mga gawain sa modyul.



## Subukin



Kumusta kaibigan? Alam mo ba kung sino at bakit ako narito? Ano ang magiging papel ko upang samahan ka sa modyul na ito?

Ako ay si AP Lapis “*at your service*”! Ang magiging gabay mo sa bawat aralin upang mapapatalas ang iyong kaisipan.

Nawa’y masiyahan ka habang ako ang iyong kasa-kasama.

Bago mo simulang pag-aralan ang kahulugan at kahalagahan ng pamahalaan, subukan mo munang sagutan ang mga tanong tungkol dito.

Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang TAMA kung ito ay nagpapahayag ng wastong konsepto tungkol sa pamahalaan at MALI naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.

- \_\_\_ 1. Ang Senador ang pinuno ng bansang Pilipinas.
- \_\_\_ 2. Monarkiya ang tawag sa uri ng pamahalaan ng Pilipinas.
- \_\_\_ 3. Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ang kaayusan ng lipunan.
- \_\_\_ 4. Tinutugunan ng pamahalaan ang pangangailangan ng mga tao.
- \_\_\_ 5. Napapasa ang kapangyarihan ng isang pinuno o opisyal sa isang kamag-anak.
- \_\_\_ 6. Ang mga batas, programa at proyekto ay pinangangasiwaan ng pamalaan.

- \_\_\_7. May kinikilingan ang mga opisyal sa pagbibigay ng tulong o serbisyo sa mga tao.
- \_\_\_8. Ang eleksyon ay ang paraan upang pumili ng mga kandidato sa pamamagitan ng pagboto ng mga tao.
- \_\_\_9. Ang pangulo ang pinakamataas na pinuno ng bansang Pilipinas.
- \_\_\_10. Ang pamahalaan ng Pilipinas ay siya ring tinatawag na pambansang pamahalaan.

## Aralin

# 1

## Sariling Pamahalaan, Alamin at Pahalagahan Natin!



### *Balikan*

Unawain ang ugnayan ng mga pares ng salita o konsepto sa bawat bilang upang mapunan ng tamang sagot ang patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.

1. bughaw – kapayapaan; pula – \_\_\_\_\_
2. Mindanao – danao; Luzon – \_\_\_\_\_
3. 8 sinag ng araw – 8 lalawigang naghimagsik; 3 bituin – \_\_\_\_\_
4. 4. disenyo – \_\_\_\_\_; tumahi – Delfina Herbosa-Natividad, Marcela Agoncillo at Lorenza Agoncillo
5. \_\_\_\_\_ – kulay; 3 – bituin
6. \_\_\_\_\_ – sagisag ng bansa; Lupang Hinirang – pambansang awit
7. pagtahi – Hongkong; pagwagayway – \_\_\_\_\_
8. Jose Palma – sumulat ng titik; \_\_\_\_\_ – naglapat ng tugtog o musika
9. Luzon – kasipagan; Visayas – \_\_\_\_\_
10. sinag ng araw – naghimagsik; araw sa gitna ng tatsulok- \_\_\_\_\_



## **Tuklasin**

Alam mo ba kung ano ang nasa larawan? Ano ang sinisimbolo nito? Subukan mong buuin ang salita na nagpapahayag ng kahulugan nito. Gawin ito sa loob ng 2 minuto sa iyong sagutang papel.



<b>P</b>		<b>M</b>		<b>H</b>	<b>A</b>		<b>A</b>		<b>N</b>
----------	--	----------	--	----------	----------	--	----------	--	----------

May mga nabuo ka bang salita?  
**MAGALING!**  
Magpatuloy sa iyong pagbabasa at  
alamin ang ating aralin.  
Handa ka na ba? Tara na!







## **Suriin**



Basahin at unawain ang mga konsepto kaugnay sa pamahalaan ng Pilipinas. Gawin ito sa loob ng 6 minuto.


Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan. Ang pamahalaan ng Pilipinas, o ang gobyerno ng Pilipinas na siya ring pambansang pamahalaan, ay isang uri o sistemang presidensiyal at demokratiko. Pinamumunuan at pinamamahalaan ito ng isang Pangulo o Presidente na siyang pinuno ng bansa, katuwang ang Pangalawang Pangulo.

Ang selyo ng Pilipinas (bilog na larawan) ay sumisimbolo sa pamahalaan ng Pilipinas. Nagtataglay ito ng mga simbolo at kulay na may kinalaman sa kasaysayan ng bansa tulad ng imahe ng leon na nagpapakita ng impluwensya ng Espanyol, agila naman para sa impluwensya ng mga Amerikano. Mga emaheng araw, tatlong bituin at mga kulay na bughaw, pula at puti na katulad ng sa watawat ng Pilipinas.

Ang Palasyo ng Malakanyang ay ang opisyal na tirahan at tanggapan ng pangulo ng Pilipinas. Sinisimbolo nito ang kapangyarihang pampanguluhan at ehekutibo ng ating bansa. Ito ay matatagpuan sa kalye J.P. Laurel, San Miguel, Maynila, katabi nito ang Ilog Pasig.

Ang bawat uri ng gobyerno o pamahalaan ay mayroong mga alituntunin at batas na pinairal upang mapangalagaan ang kapakanan ng buong mamamayan. Ang mga pangunahing tungkulin ng Pamahalaan ay ang paglilingkod, pag aalaga, pag respeto, pag protekta at pagpapatupad sa mga karapatang pantao ng lahat ng mamayan.

Kailangan natin ang pamahalaan upang mapangalagaan ang kapakanan at kaligtasan ng mga mamamayan. Mahalaga na may tagapamahala sa bansa upang mapanatili ang kaayusan at kaunlaran ng sambayanan. Hindi magiging maayos at tahimik ang kapaligiran kung walang tagapamahala.



## ***Pagyamanin***

**Gawain 1.** Basahin ang bawat pangungusap sa bawat bilang. Kung ito ay nagsasabi ng tamang impormasyon tungkol sa pamahalaan iguhit ang masayang mukha ( 😊 ) at malungkot na mukha ( ☹️ ) naman kung hindi. Gawin ito sa loob ng 2 minuto sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. Ang Pilipinas ay isang demokratikong bansa.
- \_\_\_ 2. Pinagsisilbihan at pino-protektahan ng pamahalaan ang mamamayan
- \_\_\_ 3. Prime Minister ang tawag sa pinakamataas na pinuno ng pamahalaan ng Pilipinas.
- \_\_\_ 4. Hindi kayang panatilihin ang kaayusan ng bansa at hindi kayang tugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan nito.
- \_\_\_ 5. Ang mga opisyal o pinuno ng bansa ay pinipili sa pamamagitan ng pagboto ng mga tao.

**Gawain 2.** Piliin ang mga pangungusap na nagpapahayag kung bakit ang pamahalaan ay mahalaga at isulat ang mga numero o bilang nito sa itaas na bahagi ng watawat. Sa ibabang bahagi naman ang mga pahayag na hindi nagpapakita ng kahalagahan ng bansa. Kopyahin ang watawat at gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 3 minuto.



1. Nagbibigay ng libreng pagpapagamot sa mga maysakit na nangangailangan.
2. Nagbibigay ng bigas, damit, de lata at iba pang pantulong sa biktima ng kalamidad.
3. Nagbibigay proteksyon sa mga “drug lords” o mga kriminal.
4. Pinapayaman ang mga pinuno ng pamahalaan.
5. Pinapanatili ang pambansang kaligtasan sa anumang panganib.
6. Pinapangalagaan ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan.
7. May Hukbong Pandagat na nagpapatrulya sa karagatan.
8. Pinangangalagaan ang kapakanan ng buong mamamayan.
9. Pino-protektahan ang karapatang pantao ng sambayan Pilipino.
10. Pinuponduhan ang mga proyekto ng mga opisyal ng gobyerno para sa sariling kapakanan.















## Isaisip



Nasiyahan ka ba sa mga gawain sa Pagyamanin?

Ngayon naman ay subukin ang iyong galing sa pamamagitan ng pagsulat ng tamang salita sa patlang sa tulong ng mga simbolo na makikita sa kahon. Gawin ito sa loob ng 3 minuto sa iyong sagutang papel.

	Pilipinas		presidensiyal		pamahalaan
	Pangulo		demokratiko		tao

Ang  ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng  na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan. Ang pamahalaan ng , na siya ring pambansang pamahalaan, ay isang uri o sistemang  at . Pinamumunuan at pinamamahalaan ito ng isang  na siyang pinuno ng bansa, katuwang ang pangalawang pangulo.



## Isagawa



Nabuo mo ba ang kaisipan na hinihingi sa Isaisip?

Ngayon naman ay basahin at magbigay ng pasya sa bawat pahayag. Markahan ng tsek (✓) ang hanay na katumbas ng aytem kung ikaw ay sang-ayon at (X) naman kung hindi.

Magsimula ka na! Gawin ito sa iyong sagutang papel sa loob ng 3 minuto.

### SANG-AYON O DI SANG-AYON

Mahalaga ang pamahalaan sa:	Sang-ayon	Di sang-ayon
Pagbibigay ng tulong sa mga kakilala lamang		
Pagbibigay ng iba't-ibang paglilingkod sa mga mamamayan		
Pagpapatupad sa mga ipinangako sa panahon ng halalan na hindi isinasaalang-alang ang pansariling pangangailangan		
Pagpapanatili ng kaayusan sa buong bansa		
Pagganap ng ibat-ibang tungkulin para sa ikakaunlad ng bansa.		



## **Tayahin**

**Gawain 1.** Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 3 minuto.

1. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa samahan o organisasyong politikal na ang layunin ay mapanatili ang kaayusan at magtatag ng isang sibilisadong lipunan.  
A. bansa  
B. mamamayan  
C. kapangyarihan  
D. pamahalaan
2. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng kahalagahan ng pamahalaan maliban sa isa. Alin ito?  
A. Bumubuo ng mga programa para sa kapakanan at pangangailangan ng mga tao.  
B. Pinagsisilbihan at pino-protektahan ang mga mamayan.  
C. Pagpapatupad sa mga batas, programa at proyekto ng bansa.  
D. Pangangalaga sa mga gawaing hindi naaayon sa batas ng bansa.
3. Ano ang tawag sa pinuno ng bansang demokratiko katulad ng Pilipinas?  
A. Prime Minister  
B. Hari  
C. Sultan  
D. Pangulo
4. Paano nailuluklok sa posisyon ang isang pinuno ng demokratikong bansa tulad ng Pilipinas?  
A. Sa pamamagitan na rekomendasyon ng pinuno ng ibang bansa.  
B. Pagpapamana ng posisyon sa kapamilya.  
C. Pagpili ng mga tao o pagboto sa panahon ng eleksyon.  
D. Sa pamamagitan ng kayaman na meron ang isang tao.
5. Aling gawain ang nagpapakita ng tamang tungkulin ng isang opisyal ng pamahalaan?  
A. Pagpili ng mga taong tutulungan sa panahon ng kalamidad.  
B. Pagprotekta sa mga maling gawain ng mga kaibigan.  
C. Pagnanakaw ng badyet sa isang proyekto.  
D. Pagpapatupad sa mga programa ng gobyerno para sa kabutihan ng mga mamamayan.

**Gawain 2. FACT or BLUFF.** Isulat ang **FACT** sa patlang kung ang pahayag ay naglalahad ng tamang kahulugan at kahalagahan ng pamahalaan at **BLUFF** naman kung hindi. Gawin ito sa loob ng 2 minuto sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_1. Namamahala at tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan.
- \_\_\_2. Nagsasagawa ng mga proyekto para sa ikauunlad ng bansa, tulad ng pagkakaroon ng mga bagong daan at tulay.
- \_\_\_3. Pinaglilingkuran lamang ang mga malalapit na kaibigan at mga kamag-anak.
- \_\_\_4. Nagpapatupad ng mga batas at programa para sa kapayapaan at katahimikan ng bansa.
- \_\_\_5. May mga pinuno na iniisip lamang ang pansariling kapakanan.



### ***Karagdagang Gawain***



Kumusta ang iyong nakuhang iskor sa Pagtataya? Nasiyahan ka ba sa iyong mga ginawa sa araling ito?

Narito ang inihandang gawain para mapaunlad pa ang iyong kaalaman tungkol sa iyong aralin. Gawin ito sa loob ng 4 minuto.

Magtanong sa magulang o nakatatandang kapatid ng mga gawain ng pamahalaan. Isulat ang mga ito sa notbuk at tukuyin kung ano ang pakinabang at halaga nito sa pamayanan o mamamayan.



# Susi sa Pawawasto

<b>ISASIP</b>	<b>ISASIP</b>	<b>ISASIP</b>
<b>SUBUKIN</b>	<b>SUBUKIN</b>	<b>SUBUKIN</b>
1. MALI 2. MALI 3. TAMA 4. TAMA 5. MALI 6. TAMA 7. MALI 8. TAMA 9. TAMA 10. TAMA	<b>BALIKAN</b>	<b>TUKLASIN</b>
1. KATAPANGAN 2. LUSONG 3. TATLONG MALAKING POLO SA PILIPINAS 4. EMILIO AGUNALDO 5. 3 6. WATAWAT 7. KAWIT, CAVITE 8. JULIAN FELIPE 9. MASAYA 10. KALIWANAGAN NG KAISIPAN	<b>PAMAHALAAN</b>	

<b>ISASIP</b>	<b>ISASIP</b>	<b>ISASIP</b>
<b>SUBUKIN</b>	<b>SUBUKIN</b>	<b>SUBUKIN</b>
<b>Pag-yamanin</b>	<b>Pag-yamanin</b>	<b>Pag-yamanin</b>
Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpantili ng isang sibihisadong lipunan. Ang pamahalaan ng Pilipinas, na siya ring pam bansang pamahalaan, ay isang uri o sistemang presidensiyal at demokratico. Pinaamunuan at pinamamahalaan ito ng isang pangulo na siyang puno ng bansa, katuwang ang pangalawang pangulo.	<b>GAWAIN 1</b>	<b>GAWAIN 2</b>
1. ☹️ 2. ☹️ 3. ☹️ 4. ☹️ 5. ☹️	Itas na Bahagi 1, 2, 5, 6, 7, 8, 9, 10 Ibabang Bahagi 3, 4	

<b>ISAGAWA</b>	<b>ISAGAWA</b>	<b>ISAGAWA</b>
<b>Sang-ayon</b>	<b>Sang-ayon</b>	<b>Sang-ayon</b>
<b>Diksiyonaryo</b>	<b>Diksiyonaryo</b>	<b>Diksiyonaryo</b>
Mahalaga ang pamahalaan sa:	X	X
Pagbibigay ng tulong sa mga kakilala lamang	X	X
Pagbibigay ng ibat-ibang paghilingkod sa mga mamamayan	✓	✓
Pagtupad sa mga ipinangako sa panahon ng halalan na hindi isinasaalang-alaing ang pansariling pangangailangan	✓	✓
May mga pinuno na gumaganap ng iba't-ibang tungkulin	✓	✓
<b>TAYAHIN</b>	<b>TAYAHIN</b>	<b>TAYAHIN</b>
<b>GAWAIN 1</b>	<b>GAWAIN 1</b>	<b>GAWAIN 1</b>
1. D 2. D 3. D 4. C 5. D	<b>GAWAIN 2</b>	<b>GAWAIN 2</b>
<b>KARAGDAGANG GAWAIN</b>	<b>KARAGDAGANG GAWAIN</b>	<b>KARAGDAGANG GAWAIN</b>
1. FACT 2. FACT 3. BLUFF 4. FACT 5. BLUFF	<b>Maaring iba ang sagot</b>	



## ***Sanggunian***

Adriano, M. V., Caampued, M. A., & Capunitan, C. A. (n.d.).  
*Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang* (2015 ed.).  
Department of Education-Instructional Materials Council  
Secretariat (DepEd-IMCS).

Index of /download. (n.d.). Retrieved March 22, 2021, from  
[http://lrmds.depedldn.com/DOWNLOAD/25BAKIT\\_MAHALAGA\\_ANG\\_PMAHALAAN](http://lrmds.depedldn.com/DOWNLOAD/25BAKIT_MAHALAGA_ANG_PMAHALAAN)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)